**Ikalawang Linggo ng Kuwaresma (A) – 1 Marso 2026**
Gen 12:1–4; 2 Tim 1:8–10; Mt 17:1–9

## PANIMULA

Magandang umaga/hapon.

Ipagpalagay ninyo na nanonood kayo ng paunang tikim ng isang pelikula na nagpapakita sa pinakadakilang sandali ng bida sa pelikula. Lumalakas ang tugtog, nakakasilaw ang mga eksena, at pagkatapos—itim na screen ang makikita: "Malapit nang ipalabas." Meron akong isang kaibigan na nagsabing ang pinakamahirap na bahagi ay hindi ang paghihintay sa paglabas ng pelikula—kundi ang pagbabalik sa mga gawaing-bahay matapos masilayan ang paunang tikim ng pelikula. Ngunit binago ng pasulyap na iyon ang lahat: dahil alam na niya kung saan patutungo ang kuwento.

Ang Ebanghelyo ngayon ay kahalintulad ng paunang tikim ng pelikulang iyon. Ang pagbabagong-anyo ni Hesus ay paunang sulyap ng kaluwalhatian ng Diyos na ibinigay upang patatagin ang mga alagad bago dumating ang madidilim na araw. Umakyat sila sa bundok—iniwan nila ang dagat at lambat na kanilang nakasanayan—upang makita nila si Hesus sa bagong pananaw. Nagningning ang Kanyang mukha; kumislap ang Kanyang kasuotan. Lumitaw sina Moises at Elias. At pagkatapos ay dumating ang ulap: "Ito ang pinakamamahal kong Anak. Siya ang inyong pakinggan."

Inaanyayahan tayo ng pananampalataya natin na umakyat sa sarili nating mga bundok, iwan ang nakasanayan, at tignan ang liwanag ng Diyos sa ating buhay. Maaaring panandalian lamang ang mga sandali ng biyaya, ngunit binabago nila ang ating pananaw, pinatitibay ang ating loob, at inihahanda tayo sa ating mga paglakbay sa hinaharap. Habang ipinagdiriwang natin ang Eukaristiyang ito, buksan natin ang ating mga puso sa paunang sulyap ng kaluwalhatian ng Diyos sa ating buhay.

## Homiliya: Isang Sulyap na Sulit ang Pag-akyat

Meron akong isang kaibigan na nagsabing noong bata pa siya, mas gusto na niya ang mga paunang tikim ng mga pelikula kaysa sa mismong mga pelikula. Sa loob ng tatlumpung segundo, makikita mo na ang pinakamagagandang eksena, lumalakas ang tugtog, tatayong matagumpay ang bida—at biglang iitim ang screen: "Malapit nang ipalabas."

Ang pinakamahirap, aniya, ay hindi ang paghihintay sa paglabas ng pelikula. Kundi ang pagbabalik sa aralin at gawaing-bahay matapos masilayan ang kaluwalhatian. Ngunit binago ng maliit na sulyap na iyon ang lahat. Alam na niya kung saan patutungo ang kuwento.

Ang Ebanghelyo ng Pagbabagong-anyo ay katulad din nito: isang paunang tikim ng Diyos. Isang paunang sulyap ng kaluwalhatian.

At ibinibigay ito sa sandaling lubhang kinakailangan.

Nagsisimula nang magsalita si Hesus tungkol sa Kanyang pagdurusa, pagtanggi, at kamatayan. Nabalisa ang mga alagad. Sinubukan din ni Pedro na pigilan Siya: "Huwag nawa, Panginoon!" Hindi ito ang landas na inaasahan nila. Umaasa sila sa tagumpay, paghanga, at marahil pati kaginhawaan sa buhay. Ngunit hindi mga krus o paghihirap.

Kaya may ginawa si Hesus na hindi inaasahan. Isinama Niya sina Pedro, Santiago, at Juan at inakyat nila ang isang mataas na bundok.

May ipinahihiwatig na kaagad iyon. Kadalasan, sa tabi ng Lawa ng Galilea naglilingkod si Hesus. Mga mangingisda ang Kanyang mga alagad. Sanay sila sa bangka, lambat, bagyo, at pagpupuyat. Hindi sila

pangkaraniwang namumuhay sa bundok. Ngunit kung minsan, hinihingi ng pananampalataya na iwan natin ang ating nakasanayan upang makakita tayo nang mas malinaw.

May mga dati akong mga kakilala na umaakyat ng bundok tuwing katapusan ng lingo. Kapag naubosan na sila ng mga bundok na aakyatin sa sariling bansa, pumupunta pa sila sa ibang bansa. Hindi ko masyadong maintindihan ang pagkahilig nilang iyon—dahil mas gusto ko maglakad sa patag—ngunit naiintindihan ko kung bakit naaakit sila dito. Sa tuktok ng bundok, iba ang tanawin. Kahit na maliit na burol lang, nagbabago ang pananaw mo. Kaya nga karamihan sa atin ay gusto ang upuang malapit sa bintana sa eroplano. Mula sa itaas, ang magulong tanawin sa ibaba ay nagkakaroon ng kahulugan.

Iyon ang nangyari sa bundok na ito.

Nakita nina Pedro, Santiago, at Juan si Hesus sa anyong hindi pa nila nakikita. Nagningning ang Kanyang mukha na parang araw. Kumislap ang Kanyang kasuotan na may liwanag. Napagtanto nila: ang taong ito na napapagod, na kumakain kasama ang mga makasalanan, at humahawak sa mga maysakit—ay may natatanging kaugnayan sa Diyos. Buong-buo Siyang nabubuhay sa mundong ito, ngunit nakaugat sa iba—sa Kaharian ng Diyos.

Pagkatapos ay lumitaw sina Moises at Elias. Si Moises—ang nakatagpo sa Diyos sa bundok at kalaunan ay saka lamang naunawaan ang ginagawa ng Diyos. Si Elias—ang nakadiskubre na ang Diyos ay hindi laging nasa bagyo o apoy, kundi sa banayad na bulong. Ang nakaraan at ang hinaharap, ang Batas at ang mga Propeta—lahat ay nagtatagpo kay Hesus.

At narito ang pinaka sentro ng lahat: ang ulap at ang tinig—
*"Ito ang minamahal kong Anak. Siya ang inyong pakinggan."*

Natumba sa takot ang mga alagad. At narito ang isa sa pinaka-makatao at nakakagaan ng loob na detalye sa Ebanghelyo: Si Hesus ay lumapit. Hinawakan Niya sila. At sinabing, "Tumayo kayo. Huwag kayong matakot."

Hindi tayo nilulunod ng Diyos sa Kanyang kadakilaan upang tayo ay matakot. Ipinapakita Niya ang Kanyang sarili upang patatagin tayo.

Kaya nasabi ni Pedro ito, *"Panginoon, napakabuti para sa amin na kami'y naririto."*

Maaaring hindi pa natin nakita si Hesus na nagningning tulad ng araw—ngunit marahil naranasan na natin ang mga sandaling pwede rin nating sabihin ang mga katagang iyon. Mga sandaling biglang naging parang tama ang lahat. Isang malalimang pakikipag-usap sa mga oras ng gabing tahimik. Isang awiting biglang nagpatigil sa atin. Ang pagkandong sa isang bagong silang na sanggol. Tahimik na nagmumuni-muni habang pinagmamasdan ang dagat o ang paglubog ng araw.

May narinig akong kuwento tungkol sa isang paring Heswita na naglingkod sa isang napakahirap na baryo. Isang gabi, inanyayahan siya ng isang lalaking mukhang marahas sa kanyang barung-barong. Nag-alinlangan ang pari—ngunit sumama pa rin siya. Pinaupo siya ng lalaki at pinaharap sa abot-tanaw. Tahimik na lumulubog na ang araw. Makalipas ang ilang sandali, sinabi ng lalaki, *"Wala akong maibibigay sa iyo. Ngunit naisip ko na baka magugustuhan mo na makita ang tanawing ito."*

Iyon ang kanyang sandali ng pagbabagong-anyo. Dalisay na biyaya. Dalisay na kaloob.

Sa sobrang damdamin ng kagalakan, iminungkahi ni Pedro na magtatayo siya ng mga tolda. Likas sa isang tao iyon. May gusto siyang gawin, gusto niyang panatilihin ang sandali, siguraduhing hindi ito mawawala. Ganyan din tayo. Kinukuha natin ang ating telepono upang kuhanan ang isang sandali—at minsan, hindi natin naabutan ang mismong sandali.

Ngunit hindi ito isang sandali ng paggawa. Ito ay isang sandali ng pagtanggap.

Marahang itinutuwid siya ng tinig mula sa ulap: *“Makinig ka.”*

May mga biyayang hindi maaaring isaayos, itabi, o kontrolin. Maaari lamang namnamin. Tulad ng isang pagdiriwang—mawawala ang saya kung iniisip mo na agad ang paghuhugas ng pinggan. Kapag dumarating ang mga ganitong sandali, hindi tayo tinatawag upang pamahalaan ang mga ito, kundi upang maging mahinahon, maging mapagpasalamat, at maging mapagmatyag.

At nang binitawan ni Pedro ang pangangasiwa, may magandang nangyari: *lumapit si Hesus at hinawakan Niya sila*.

Kung hahayaan din nating maging mahinahon sa harap ng biyaya, hihipuin din ng Panginoon ang ating mga buhay.

Ngunit hindi sa bundok nagtatapos ang lahat.

Kailangan nilang bumaba—sa mga pagtatalo, hindi pagkakaunawaan, karamdaman, at takot. Pabalik sa mga bagyong higit pa sa naranasan nila sa dagat. At higit pa roon: Herusalem. Getsemani. Golgota.

Hindi inaalis ng Pagbabagong-anyo ang pagdurusa sa landas ni Hesus. Binibigyan nito ng bagong kahulugan. Hindi ang krus ang wakas; ito ang daan. Ang wakas ay ang kaluwalhatian.

Kaya dumating ang sandaling ito - habang papalapit ang dilim. Ang liwanag ay ibinibigay hindi upang alisin ang pagdurusa, kundi upang matiis natin ito.

Pagkaraan ng mga taon, maalala ni Pedro ang sandaling ito kung saan dumarating ang pag-uusig. Sasabihin niya, *“Kami’y mga saksi sa Kanyang kadakilaan.”* Kapag pinanghihinaan tayo ng loob, ang alaala natin ang nagbibigay-lakas. Ang paunang sulyap ay nagiging sandigan.

Ang ating mga sariling buhay ay gumagalaw sa pagitan ng kagubatan at bundok, ng bagyo at katahimikan. Madalas nananatili ng matagal sa ating alaala ang masasakit na sandali—ngunit inaanyayahan tayo ng Ebanghelyo ngayon na alalahanin din natin ang liwanag. Ang mga sandaling tayo’y inakay, inaliw, pinalakas.

Binabago ng mga sandalling ito kung paano natin nakikita ang kasalukuyan. Madalas, nais natin na nasa ibang lugar tayo—ibang trabaho, ibang mga tao, ibang buhay. Minsan kailangan ang pagbabago. Minsan tinatawag talaga tayo ng Diyos, tulad ni Abraham, upang humayo. Ngunit madalas, kailangan lang nating makita nang mas malalim ang lugar kung nasaan tayo.

Bawat taong nakikilala natin ay isang taong maaaring sabihan ng Diyos: *“Ito ang minamahal ko.”*

Sa huli, inutusan ni Hesus ang mga alagad Niya na manahimik muna —sa ngayon. May mga karanasang napakalalim para gawing sawikain. Dapat itong isabuhay. Ang mga taong may mga pusong binago ay bihirang mangailangan ng maraming salita.

Hayaan Ninyo akong magbigay pa ng isang pang-huling kuwento.

Isang gabay sa bundok ang minsang nagsabi na ang pinaka-mapanganib na bahagi ng pag-akyat sa bundok ay hindi ang pag-akyat, kundi ang pagbaba. Masyadong maagang nagnagpapahinga ang mga tao. Nakakalimutan nila ang kanilang mga nakita. Ang matalinong tag-akyat ay mabagal bumaba, dala ang alaala ng tanawin.

Ibinibigay sa atin ng Pagbabagong-anyo ang tanawing iyon.

Bumabalik tayo sa karaniwang buhay—trabaho, responsibilidad, pakikibaka—ngunit hindi na tulad ng dati. Bumabalik tayo na may tahimik na katiyakan na nagliliyab sa loob natin: ang Liwanag ay totoo, mas makapangyarihan ang pag-ibig kaysa kamatayan, at ang paglalakbay—gaano man katarik—ay may patutunguhan din.

At kapag muling bumigat ang ating dinadaanan, marinig din sana natin ang parehong banayad na mga salita na:

*"Tumayo ka. Huwag kang matakot."*

- ***Translated by William Valdrez, Jr.***